Sumpa man kay Allāh, walang nangunguhang isang kabilang sa inyo ng anuman nang walang karapatan sa kanya malibang makikitagpo siya kay Allāh habang nagpapasan siya nito sa Araw ng Pagbangon

Ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Nagtalaga ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang lalaki sa [pagkalap ng] mga kawanggawa ng Angkan ng Sulaym, na tinatawag na Anak ng Lutbīyah. Noong dumating ito, nakipagtuos siya rito. Nagsabit ito: "Ito ay yaman ninyo at ito naman ay regalo [sa akin]." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya bakit kaya hindi ka naupo sa bahay ng ama mo at ina mo hanggang sa pumunta sa iyo ang regalo mo, kung ikaw ay naging tapat?" Pagkatapos nagtalumpati siya sa amin kaya nagpuri siya kay Allāh at nagbunyi Rito. Pagkatapos nagsabi siya: "Hinggil sa matapos niyan, tunay na ako ay nagtalaga ng lalaki kabilang sa inyo sa paggawa mula sa iniatang sa akin ni Allāh saka dumating ito saka nagsabi ito: 'Ito ay yaman ninyo at ito naman ay regalo, na iniregalo sa akin.' Kaya bakit ba hindi siya naupo sa bahay ng ama niya at ina niya hanggang sa pumunta sa kanya ang regalo niya? Sumpa man kay Allāh, walang nangunguhang isang kabilang sa inyo ng anuman nang walang karapatan sa kanya malibang makikitagpo siya kay Allāh habang nagpapasan siya nito sa Araw ng Pagbangon. Talagang hindi nga ako kikilala sa isa kabilang sa inyo, na makikitagpo kay Allāh habang nagpapasan ng isang kamelyong mayroon itong pag-ungal, ng isang bakang mayroon itong pag-unga, at ng isang tupang umuungol." Pagkatapos nag-angat siya ng kamay niya hanggang sa nakita ang kaputian ng kilikili niya habang nagsasabi: "Nakapagpaabot kaya ako?" [Nagsabi ang tagasalaysay:] "Ayon ito sa pagkakita ng mata ko at pagkarinig ng tainga ko."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagtalaga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang lalaking sinasabing Anak ng Lutbīyah, na nagtitipon ng zakāh mula sa lipi ng Angkan ng Sulaym. Noong nakabalik ito sa Madīnah, nakipagtuos siya rito. Nagsabit naman ang Anak ng Lutbīyah: "Ito ay yaman ninyo na tinipon ko mula sa zakāh at ang yamang ito naman ay iniregalo sa akin." Kaya nagsabi siya rito (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya bakit ba hindi ka naupo sa bahay ng ama mo at ina mo nang sa gayon maghintay ka kung may magreregalo kaya sa iyo, kung ikaw ay naging tapat? Tunay na ang mga tungkulin na ginawa mo alang-alang doon ay ang kadahilanan sa pagreregalo sa iyo. Kung sakaling nanatili ka sa tirahan mo, walang ireregalo sa iyo na anuman. Kaya naman hindi nararapat sa iyo na magsolo nito dahil lamang sa pagiging ito ay nakarating sa iyo bilang regalo." Pagkatapos umakyat siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pulpito bilang mananalumapati, habang siya ay galit, saka nagpuri siya kay Allāh at nagbunyi Rito. Pagkatapos nagsabi siya: "Hinggil sa matapos niyan,

tunay na ako ay nagtalaga ng lalaki kabilang sa inyo bilang isang manggagawang empleyado sa tungkulin na inilagay ni Allāh sa akin ang pangangasiwa roon kabilang sa mga zakāh at mga samsam sa digmaan saka dumating ito mula sa gawain niya saka nagsabi ito: 'Ito ay para sa inyo at ito naman ay regalo, na iniregalo sa akin!' Kaya bakit ba hindi siya naupo sa bahay ng ama niya at ina niya hanggang sa pumunta sa kanya ang regalo niya? Sumpa man kay Allāh, walang nangunguhang isa man ng anuman mula sa ibinibigay sa kanya nang walang karapatan sa kanya malibang makikitagpo siya kay Allāh habang siya ay nagpapasan nito sa Araw ng Pagbangon sa leeg niya, kung ang kinuha niya ay isang kamelyong mayroon itong tunog ng pag-ungal o isang bakang mayroon itong tunog ng pag-unga, at isang tupang mayroon itong ungol na hinihiyaw nito." Pagkatapos nag-angat siya ng kamay niya nang matindi hanggang sa nakakita ang mga nakaupo sa kaputian ng mga kilikili niya. Pagkatapos nagsabi siya: "O Allāh nakapagpaabot ng kahatulan Mo sa kanila." Pagkatapos nagpabatid si Abū Ḥumayd As-Sā`idīy (malugod si Allāh sa kanya) na ito ay kabilang sa nakita ng mata ko at narinig ng tainga niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5791